Alert.seattle.gov/hazmat [Alert.seattle.gov/hazmat]

Ang Mga Pangyayari: Labis na nagsasapanganib sa buhay, kalusugan at pag-aari ang mapanganib na materyales kapag hindi wastong ginagamit, iniimbak o itinatapon, at may nagreresultang pagkalat, pagtagas o nakalalasong pagsingaw. Ang mga ito ay hindi palaging nakikita, naaamoy o natitikim.

Ano ang dapat gawin:

- Subaybayan ang mga tagubilin mula sa mga lokal na awtoridad. Maaaring hilingin na lumikas o manatili kayo sa isang lugar, depende sa situwasyon.
- Kung hiniling na magkubli sa kinaroroonan (shelter-in-place), ipasok ang inyong pamilya at mga alagang hayop. Isara at ikandado ang lahat ng mga pinto, bintana at fireplace damper. Maglagay ng mga tuwalyang bahagyang basa sa threshold (mga puwang sa ibaba) ng mga pintuan at iba pang mga bukasan kung saan maaaring pumasok ang hangin mula sa labas. Patayin ang mga bentilador, aircon at forced air heating system. Maging handang gamitin ang maaaring gamitin na nandoon na upang maselyuhan ang mga puwang nang sa ganoon hindi kayo malalantad sa hangin mula sa labas.
- Kung hiniling ng mga awtoridad na lumikas, gawin ito agad. Sundin ang anumang mga inirekomendang rutang ibinigay sa evacuation notice (pahayag na kailangang lumikas). Maaaring may mga nakapaskil na karatula sa mga kalye at highway ang ilang ruta.
- Kung may makita kayong pagligwak, umalis sa lugar kung saan ito nangyari. Mahinahon na magbigay-alam sa iba na dapat silang lumayo at tumawag sa 911 upang maiulat ang nangyari.
- Kung sa inyong palagay nalantad kayo sa isang kimikal o biyolohikong produkto, tumawag sa Poison Control Center (1-800-222-1222) o maghanap ng naaangkop na paggamot.
- Manatiling nakikinig sa radyo upang makuha ang pinakabagong impormasyon tungkol sa emerhensiya.
- ***Kung may kilala kayong hindi naiintindihan, nakikita o naririnig itong mensahe, mangyaring sabihin sa kanila ang impormasyong ito.***

Mga link na makakatulong:

http://mil.wa.gov/emergency-management-division/hazards/hazardous-material

http://www.ready.gov/hazardous-materials-incidents

http://www.redcross.org/prepare/disaster/chemical-emergency